
2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Subject-Object Pronoun, Panghalip na Pamatlig at Paari



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based – Multilingual Education – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Subject-Object Pronoun, Panghalip na Pamatlig at Paari**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Joemary Dela Merced, Alelie A. Eleazar, Maritess Mimis, Joey P. Mitra, Niña A. Tolentino, Dennis S. Soniga |
| **Editor:** | Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Beverly T. Mangulabnan, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagaguhit:** | Wilma B. De Vera |
| **Tagalapat:** | Mark G. Asuncion |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog, |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Subject-Object Pronoun, Panghalip na Pamatlig at Paari

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang matutukoy at magagamit mo ang iba't ibang uri ng panghalip (**Subject - Object**, Pamatlig, Paari) sa pangungusap.
**(MT2C-IIa-i-2.2)**

## *Subukin*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang mga salitang panghalip na humahalili sa ngalan ng tao.

1. Miko at Rommel, sa inyo ba ang mga laruang kotse sa labas?
2. Nagpunta kami kanina sa plaza.
3. Doon ako nag aaral ng elementarya.
4. Iyo ba ang damit na ito?
5. Naglaro sila kasama ang mga bata.

# Aralin 1 Panghalip: Subject-Object, Pamatlig at Paari

Ang panghalip ay salitang humahalili o pamalit sa ngalan o pangngalan na nagamit sa parehong pangungusap o kasunod na pangungusap. Ang salitang panghalip ay nangangahulugang “panghalili o pamalit”.

## *Balikan*

**Panuto:** Piliin ang wastong panghalip na paari sa loob ng kahon upang mabuo ang bawat pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.


| | | |
|---|---|---|
| akin | iyo | kaniya |

1. Romeo, _____ ba ang payong na ito?
2. Iniabot sa _____ ni Lorna ang sopas dahil paborito niya ito.
3. Si Rosa ay mahusay gumuhit. Sa _____ ang pinakamagandang larawang-pamaskil.
4. “Jomar, sa _____ ko ibibigay ang medalya, dahil ikaw ang nanalo sa palaro?
5. Sa _____ ang lapis na nasa mesa, naiwan koi to kahapon.

## *Tuklasin*


**Ako** ang nagdidilig araw-araw ng aking halaman.


Ang ganda naman ng **iyong** laso.


**Hayun** ang paso.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng panghalip. Ang unang larawan ay halimbawa ng paggamit ng panghalip **"Ako"** bilang **subject pronoun**. Ang ikalawa naman ay pagpapakita ng panghalip na paari ng kinakausap, tinutukoy ng nagsasalita ang laso na pagmamay ari ng kaniyang kausap gamit ang salitang "**Iyong"**. Ang ikatlong larawan naman ay pagpapakita ng panghalip na pamatlig ng ginamit ng bata ang salitang "**Hayun"** bilang pagturo sa paso.

## *Suriin*

Ang Subject Pronoun ay tumutukoy sa panghalip na gumagawa ng kilos samantalang ang Object Pronoun ang tagatanggap ng kilos.

Halimbawa

1. **Ako** (Subject Pronoun) ang mag-aayos ng mga bulaklak.
2. Ang nagsasayaw kanina ay **siya** (Object Pronoun).

Ang Panghalip na Pamatlig ay ginagamit sa pagtuturo ng tao, bagay, hayop o lugar

Halimbawa:

1. **Iyon** ang matataas na bundok.
2. **Hayun** ang aming paaralan.

Ang Panghalip na Paari ay nagpapakita ng pagmamay-ari. Katulad ng panao, ang panghalip na paari ay ipinapalit sa pangalan ng taong nagsasalita, kinakausap o pinag uusapan

Halimbawa:
1. Pula ang **aking** paboritong kulay.
2. Sa **amin** ang bahay na iyon.

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na panghalip. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Subject Object Pronoun.
1. (Ako, Ikaw, Siya) ___________ ang may gawa nito. (Tinutukoy ang nagsasalita.)
2. (Kami, Siya, Ako) Naglaro ___________ nila Allan kanina.
3. (Tayong, Siya, Ako) ___________ lahat ang gagawa nito

Panghalip na Paari
1. (Ito, Akin, Kanya) ____________ ang aso na ito. (Tinutukoy ang pag aari ng nagsasalita.)
2. (Ako, Kanila, Amin) Sa _________________ ang bahay na ito, (Tinutukoy ang pag aari ng nagsasalita)
3. (Iyo, Akin, Atin) Sa __________ ba ang bag na ito? (Tinatanong ang pag aari ng kausap.)

Panghalip na Pamatlig
1. (Dito, Doon, Hayun) ____________ sa lugar na ito ako isinilang.
2. (Dito, Doon, Heto) ___________ ang aming paaralan sa gawi na iyon.

# Pagyamanin

## Sa Panahon ng Pandemya

ni Joey Pineda Mitra

Ngayon panahong pandemya
Ating napagbuklod ang bawat pamilya
Tayong lahat sa bahay makikita
Dito nasubok ang pagiging isa

Nakakatakot man doon
Lahat tayo ay umaasa sa pag ahon
Ating buhay bigla mang nag iba
Ito ay pagsubok lamang sa bawat isa

### Gawain 1

**Panuto:** Gamit ang tulang "Sa Panahon ng Pandemya" isulat sa sagutang papel ang mga panghalip na nabanggit at ilagay kung ito ay Subject - Object Pronoun, Paari o Pamatlig.

Salita - Uri ng Panghalip

1. ______________________ - ______________________
2. ______________________ - ______________________
3. ______________________ - ______________________
4. ______________________ - ______________________
5. ______________________ - ______________________

## Gawain 2

**Panuto:** Kumpletuhin ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang wastong panghalip na angkop gamitin sa bawat larawan.



(Ito, Ako, Akin)

1. _____ ang aking paboritong damit.



(Ako, Hayun, Iyo)

2. _____ po ang may gawa ng kumpol ng bulaklak na ito.



(Ikaw, Heto, Akin)

3. Sa _____ang damit na ito.



(Tayo, Dito, Akin)

4. _____ ang aming tahanan.



(Sila, Dito , Akin)

5. _____ ang aking pamilya.

## Gawain 3

**Panuto:** Basahin ang talata na nasa kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Gumawa ng sariling pangungusap gamit ang hinihinging panghalip. |

1. Subject - Object Pronoun (Ako)



______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

2. Panghalip na Paari (Aking)



______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

3. Panghalip na Pamatlig(Doon)



______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## Gawain 4

**Panuto:** Isulat sa sagutan papel ang mga paghalip na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Sila ang mga batang nagsasayaw kanina.
2. Doon pupunta bukas.
3. Sa amin ang lupaing ito.
4. Tayo ang dapat maglinis ng ating kapaligiran.
5. Hayun ang mga bata.



## *Isaisip*

- Ang paggamit ng panghalip sa iba't ibang paraan ang nakatutulong upang mas mapabilis ang pakikipagkomunikasyon sa iba.
- Ang subject-object pronoun ay nagpapakita kung paano gumagalaw ang panghalip sa pangungusap.
- Ang panghalip pamatlig ay nagpapadali kung paano maituturo ang isang tao, bagay o pook samantala.
- Ang panghalip na paari ay nagpapakita ng pagmamay ari ng isang bagay.

## *Isagawa*

**Panuto:** Gamit ang iba't ibang uri ng panghalip ay gumawa ng maikling usapan. Pumili ng isa sa sumusunod na gagamiting panghalip. Isulat ito sa sagutang papel.

I - Subject Object Pronoun (Ako, Ikaw, Tayo)

II - Pamatlig (Doon, Dito, Hayun)

III - Paari (Akin, Kanya, Iyo)

## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin ang sumusunod. Isulat ang **SO** kung Subject Object, **PM** kung Pamatlig at **PR** kung Paari ang panghalip na ginamit sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

__________1. **Diyan** mo ilagay sa bag ang cellphone

__________2. Ipakita natin ito sa **ating** mga kapatid.

__________3. Nagdilig **ako** kanina ng mga halaman.

__________4. **Kami** ay pupunta sa bundok bukas.

__________5. **Doon** tayo mamamasyal.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Hanapin ang mga panghalip sa loob ng **puzzle**. Isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | K | O | D | I | T | O |
| I | D | G | I | U | B | E |
| I | K | A | W | W | L | H |
| O | L | A | D | V | U | D |
| J | O | A | K | I | N | O |
| S | K | I | Y | O | N | O |
| D | I | Y | A | N | G | N |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. Inyo
2. Kami
3. Ako
4. Iyo
5. Sila

**Balikan**
1. iyo
2. kaniya
3. kaniya
4. iyo
5. akin

**Suriin**

Subject - Object
Pronoun
1. Ako
2. Kami
3. Tayo

Paari
1. Akin
2. Kanila
3. Iyo

Pamatlig
1. Dito
2. Doon

**Pagyamanin**

**Gawain 1**
1. Atin - Paari
2. Tayo - Subject Object
3. Dito - Pamatlig
4. Atin - Paari
5. Doon - Pamatlig

**Gawain 2**
1. Ito
2. Ako
3. Akin
4. Dito
5. Sila

**Gawain 3**

Tayahin ng guro ang sagot kapag ang naibalik na ang modyul.

**Gawain 4**
1. Sila
2. Doon
3. Amin
4. Tayo
5. Hayun

**Malayang Pagtatasa**

Ang sagot ay magkakaiba iba.

**Isagawa**

Ang sagot ay magkakaiba iba.

**Tayahin**
1. PM
2. PR
3. SO
4. SO
5. PM

**Karagdagang Gawain**
1. Dito
2. Ikaw
3. Akin
4. Iyo
5. DIyan

# *Sanggunian*

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Morphez, Jenylyn. "K To 12 Curriculum Guide MOTHER TONGUE." May 27, 2020, 9:48 a.m., https://www.academia.edu/25170927/K_to_12_Curriculum_Guide_MOTHER_TONGUE.

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Patnubay ng Guro ng Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph